5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 5

Aralin 1

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 5**
**Kalinangang Bayan tungkol sa Paniniwala at Relihiyon**
**Kuwarter 2: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

Manunulat: Hannah A. Coronel

(Santiago A. De Guzman Elementary School, SDO-Valenzuela)

Tagasuri: Marivic M. Pimentel, Ph.D.

Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila

**Management Team**

…

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 2, ARALIN 1 LINGGO 1 / BAITANG 5**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>***1.*** *Naibibigay ang kahulugan ng konsepto ng kalinangang bayan at uri nito*<br>***2.*** *Nasusuri ang mga paniniwala, relihiyon, at tradisyon ng sinaunang bayang Pilipino* |
| **D. Nilalaman** | Kalinangang Bayan tungkol sa Paniniwala at Relihiyon |
| **E. Integrasyon** | SDG 4: Quality Education<br>Cultural Literacy<br>Cultural Diversity<br>Respeto sa Relihiyon at Paniniwala<br>Lokalisasyon<br>Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Del Rosario G., (2018) Araling Panlipunan 5, Pagbuo ng Pilipinas bilang Nasyon, KLEAFS Publishing Marilao, Bulacan, Philippines |

Fajardo J., Evangelista E., Dela Cruz EJ., Villegas JA., Barcelon VE., Belarde R., Daroni C., Dr. Balaoing J., Garcia P., Fr. Santos E., (2023) Lahing Pilipino, Kaagapay sa Ika-21 Siglo, Rex Book Store, Inc., Sampaloc Manila

Oliveros R., Yumol., Andaquig., (2015) Kasaysayan ng Mamamayan ng Pilipinas: Ang Pagbubuo ng Pilipinas bilang Nasyon, IBON Center Quezon City, Philippines

https://www.everypixel.com/image-17974076450274559427

https://www.metmuseum.org/art/collection/search/626371

https://www.ebay.ph/itm/153483934652

https://epa.culturalcenter.gov.ph/3/82/2227/

https://www.nafd.org.uk/2022/10/06/buried-in-a-hanging-coffin/

https://www.studypool.com/documents/4934764/filipinolohiya


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain: Balikan Natin!**<br>Panuto: Isulat sa patlang ang tinutukoy na hanapbuhay ng ating mga ninuno sa bawat bilang.<br>__________1. Nanghuhuli sila ng maiilap na hayop gaya ng usa, baboy-ramo, at iba't-ibang uri ng ibon gamit ang pana, sibat, punyal at bitag<br>__________2. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pagputol at pagsunog ng mga puno sa gubat upang muling matamnan ng bagong pananim.<br>__________3. Nanghuhuli sila ng mga yamang-dagat sa pamamagitan ng baklad, sibat at bingwit<br>__________4. Ito ay isang proseso at ang mga produkto ng paghuhubog ng sisidlan at ibang bagay na may putik o luwad<br>__________5. Lambat, bingwit, basket at lason ang mga pangunahing kagamitan sa pangingisda<br>__________6. Ang pagpapalitan ng produkto ay tinawag na | Susi sa pagwawasto<br>**Gawain: Balikan Natin!**<br>1. Pangangaso<br>2. Pagkakaingin o slash and burn<br>3. Pangingisda<br>4. Pagpapalayok<br>5. Paghahabi<br>6. Pakikipagkalakalan<br>7. Pagsasaka<br>8. Pagsasaka/Pagbubukid<br>9. Pangingisda<br>10. Paggawa ng palayok/pagpapalayok |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>sistemang barter.<br>__________7. Isa sa mga pangunahing ikinabubuhay ng ating mga ninuno bago pa man nakarating ang mga Espanyol<br>__________8. Binubungkal ng mga magsasaka ang mga lupa sa pamamagitan ng kanilang kamay o matitigas na bagay upang ito ay matamnam.<br>__________9. Gumagamit ang ating ninuno sa hanapbuhay na ito ng lambat, buslo, korales, pamain, maging kahig, bingwit,sudsud at patigbi.<br>__________10. Paggawa ng banga at iba pang kagamitang pantahanan.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Gawain 1: Pagninilay-nilay<br>Panuto: Kumpletuhin ang talahanayan at katanungan sa ibaba.<br>1. Ano ang katangian ng isang magandang kultura para sa iyo?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>2. Sa iyong palagay, anu-ano kaya ang tinataglay na kultura ng ating mga ninuno noon? Subukang sagutan ang nasa ibaba.
<table>
<tr><th>Pananampalataya</th><th>Paraan ng Paglilibing</th></tr>
<tr><td>______________________<br>______________________<br>______________________<br>____________________</td><td>______________________<br>______________________<br>______________________<br>____________________</td></tr>
</table>
3. Bakit mahalagang matutuhan ang mga impluwensiya ng relihiyong Islam sa Pilipinas? Ipaliwanag<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>Gawain 2: PIC-TIONARY<br>Panuto: Tukuyin ang mga salitang tinutukoy sa larawan at kahulugan sa bawat bilang.</td>
<td>Para sa bahaging ito, malaya ang gurong magbigay pa ng mga gawain upang mas lalong malinang ang natutunan ng mga bata sa aralin.<br><br>Walang mali o tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung anong grado ang ibibigay. (Answers may vary)<br><br>Susi sa pagwawasto<br>Gawain 2: PIC-TIONARY<br>1. Salat<br>2. Moske</td>
</tr>
</table>


1.

| S _ _ a _ | |
|---|---|
| tawag sa pagdarasal ng limang beses sa isang araw |  |

2.

| M _ s _ _ | |
|---|---|
| ang pook sambahan ng mga Muslim |  |

3.

| A _ i m _ _ m o | |
|---|---|
| ang tawag sa pagsamba sa kalikasan |  |

4.

| B _ l u _ | |
|---|---|
| Kadalasang isang magkaparehang lalaki at babae ang nilililok na nakatayo o nakaupo at ang mga braso ay nakadipa, nakatupi o naka-krus at inilalagay sa loob ng kamalig ng palay bilang proteksyon sa mga peste at matiyak ang kasaganaan ng palay. |  |

5.

| Q _ _ _ n | |
|---|---|
| ang banal na aklat ng Islam |  |

3. Animismo

4. Bulul

5. Qur’an

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Ano ang Kalinangang Bayan?**<br>Ang **kalinangang bayan** ay tumutukoy sa isang pangkalahatang kultura ng isang bayan o bansa. Tumutukoy din ito sa pamamaraan ng pamumuhay ng mga mamamayan o mga tao. Mayroon itong kaugnayan sa mga nakagawiang gawain upang makapagpatuloy sa pang-araw-araw na pamumuhay.<br><br>**Kalinangang Bayan tungkol sa Paniniwala at Relihiyon**<br>(Sinaunang Kultura)<br>Sa mga naunang aralin ay tinalakay na bago pa man dumating ang mga Espanyol noong 1521 ay may pagkakakilanlang kultural na ang mga sinaunang Pilipino. Patunay rito ang paraan o sistema ng pananampalataya, edukasyon, pagsulat, wika, at panitikan. Mayroon na ring mga paniniwala at tradisyon tungkol sa pagpapakasal, pagluluksa, at paglilibing. Kapansin-pansin din ang kaalaman at kasanayan ng mga sinaunang Pilipino sa larangan ng musika, sayaw, agham, at matematika. Isa sa mga patunay nito ay ang mga nakatala sa aklat ni Antonio de Morga, ang *Sucesos de las Islas Filipinas*. Sa aklat na ito ay binigyang-diin niya na bago pa man dumating ang mga Espanyol sa bansa ay mayroon nang maunlad na kultura ang mga sinaunang Pilipino.<br>**1. Pananampalataya (Relihiyon o Belief System)**<br>Ang mga sinaunang Pilipino ay naniniwala sa kapangyarihan ng diyos o isang dakilang lumikha o nilalang na mas nakatataas sa kanila. Sinasamba nila ang kalikasan dahil sa paniniwalang ito ay pinananahanan ng mga Espiritu na kung tawagin ay **diwata.** Ang paniniwalang ito ay tinatawag na **animismo *(animism)*** o **anituismo.**<br>May ilan naming naniniwala at sumasamba sa maraming diyos at diyosa, ang tawag dito ay **politeismo *(polytheism).*** Para sa ilang lugar sa bansa, si **Bathala** ang pinakamakapangyarihan sa lahat. Sinasamba rin ang iba pang diyos tulad nina: **Idiyanale,** diyos ng bahaghari; **Agawe,** diyos ng tubig; **Balangaw,** diyos ng bahaghari; **Bagobo o Mandarang,** diyos ng digmaan; **Sidapa,** diyos ng kamatayan; **Agni,** diyos ng apoy; **Lakapati,** diyosa ng pagkamaanakin *(fertility);* at marami pang iba. | |


Upang makuha nila ang pabor ng kanilang mga diyos ay nag-aalay sila ng dasal, ritwal, at mga handog tulad ng alak, pagkain, ginto, at iba pang bagay. Ang ritwal ay pinangungunahan ng mga paring babae sa katutubong relihiyon na tinatawag na **babaylan o katalonan.**

**2. Pagluluksa, Paglilibing at Paniniwala sa kabilang buhay**

Naniniwala rin ang mga sinaunang Pilipino sa konsepto ng kabilang buhay. Kaya't sila ay nagpapakabuti habang sila ay nabubuhay pa. Ito ay dahil sa paniniwalang kapag sila ay namatay ay mapupunta ang kanilang kaluluwa sa kabilang buhay.

Dahil sa paniniwala ng mga sinaunang Pilipino sa kabilang buhay, Malaki ang kanilang pagpapahalaga sa mga patay o yumao. Nilalagyan nila ang bangkay ng pabango at sinusuotan ng magandang damit. Kadalasan, inilalagay nila ang mga buto ng mga yumao sa malalaking banga o palayok. Ang ilan ay inililibing sa tabi ng kanilang bahay, ang iba naman ay sa may tabing-ilog o malapit sa dalampasigan. Ang libingan ng ilang yumao ay sinasamahan ng mga mamahaling bato. Ito ay natuklasan sa isang palayok na nahukay malapit sa look ng Tayabas na makikita sa Quezon. Ang nakuhang mga buto sa loob ng palayok ay may kasamang butil ng salamin. Ang mga kamag-anak ng namatay ay nagtatali ng ratan sa kanilang mga leeg, braso, at binti. Ang mga taga-Luzon ay nagsusuot ng puti at hindi kumakain ng karne o umiinom ng alak sa panahon ng paglalamay o pagluluksa. Ang paglalamay sa mga datu ay tinatawag na **Laraw, Maglahe** para sa patay na lalaki, at **Morotal** para sa patay na babae. Sa panahon ng Laraw, ipinagbabawal ang away, ang mga sibat ay dinadala na nakababa ang talim, at walang umaawit sa isang papauwing bangka.

| | | |
|---|---|---|
| |  |  |

| | | |
|---|---|---|
| <br>**Manunggul Jar** - *nagsilbing kabaong o libingan ng mga sinaunang Pilipino.* | **Bulul** – (*ng mga Ifugao) ay isa sa pinakatanyag na eskultura ng Hilagang Luzon, lalo na sa Cordillera, na nagpapatunay sa pananampalataya ng mga sinaunang Pilipino sa espiritu ng kalikasan.* | **Hanging coffins** -<br>Ang hanging coffins ay isa sa mga kasanayan sa paglilibing sa mga taga-Kankanaey ng Sagada. |

**3. Paglaganap ng Islam *(Mga Katuruan ng Islam)***

Ang salitang **Islam** ay hango sa salitang Arabe na nangangahulugang "pagsuko" o "dedikasyon kay Allah". Ang mga tagasunod ng relihiyong ito ay tinatawag na **Muslim** na nangangahulugang "sumuko sa kagustuhan ni Allah". Ang diyos na sinasamba ng mga nanampalataya sa relihiyong ito ay si Allah at si Muhammad naman ang kanilang propeta. **Moske** (mosque) naman ang tawag sa pook-dasalan o pook sambahan ng mga Muslim.

Si Allah ay mayroong limang sagradong gawain o pillars na siyang naging sandigan o pundasyon ng relihiyong Islam. Ang mga utos na ito ay ang mga sumusunod:

**Limang Haligi ng Islam**

**a. Shahada** – pagpapahayag ng pananampalataya na walang ibang kinikilalang diyos maliban kay Allah, at si Muhammad ang kanilang propeta.

**b. Salat** – ito ay ang limang beses na pagdarasal sa loob ng isang araw na nakaharap sa direksiyon ng Mecca. Ito ginagawa tuwing madaling araw, umaga, tangali, takipsilim at gabi

**c. Zakat** – ito ay ang pagbibigay-limos o pagtulong sa oras ng pangangailangan sa kapuwa tulad ng mahihirap, mga naulila, at nasalanta ng trahedya o kalamidad

**d. Sawm** – ito ay ang *pag-aayuno (fasting*) o hindi pagkain at paggawa ng iba pang sakripisyo bilang pag-alala sa buwan ng Ramadan.

**e. Hajj** – ito ay ang paglalakbay sa banal na lungsod ng Mecca minsan sa buhay ng isang Muslim. Ang mananampalataya na nakapaglakbay sa banal na lupain ay tinatawag na *Hajji/Hadji.*

**Kultura at mga Aral ng Islam**

Bukod sa limang haligi ng Islam ay mayroon pang mga pangunahing paniniwala at aral na sinusunod ang mga Muslim, ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

- paniniwala sa monoteismo; si Allah lamang ang kanilang diyos;
- paniniwala sa mga anghel; sinasabing nagpakita ang arkanghel Gabriel kay Muhammad sa panaginip;
- paniniwala sa Qur'an o banal na aklat ng Islam;
- paniniwala sa iba pang kasulatan na ibinunyag sa mga propeta tulad ng Torah (tawag sa limang aklat ni Moises sa Bibliyang Hebreo) at Bibliya;
- paniniwala sa lahat ng propeta na isinugo ng Diyos tulad nina Noah, Abraham, Ishmael, Isaac, Jacob, Moises at Muhammad;
- paniniwala na si Hesus ay isa lamang propeta;
- paniniwala sa Araw ng Paghuhukom at ang buhay matapos ang kamatayan; at
- paniniwala sa banal na kautusan; para sa relihiyong ito, si Allah ay ang siyang pinakamakapangyarihan sa lahat at hindi matutupad ang mga bagay na hindi niya ninananis ngunit, binibigyan niya ng kalayaan ang tao na magdesisyon o mamili kung gagawa ng kabutihan o kasamaan.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**
**Gawain 3: Buoin Mo Ako**

Panuto: Kumpletuhin ang kaisipan sa ibaba, isulat ang sagot sa patlang. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Idiyanale | diyos | Balangaw | Bathala | Lakapati |
| animismo | politeismo | diwata | Sidapa | babaylan o katalonan |

Ang mga sinaunang Pilipino ay naniniwala sa kapangyarihan ng 1. _____________ o isang dakilang lumikha o nilalang na mas nakatataas sa kanila.

SUSI SA PAGWAWASTO
**Gawain 3: Buuoin Mo Ako**
1. diyos
2. diwata
3. animismo
4. politeismo
5. bathala
6. Idiyanale
7. Balangaw
8. Sidapa
9. lakapati
10. babaylan o katalonan

Sinasamba nila ang kalikasan dahil sa paniniwalang ito ay pinananahanan ng mga Espiritu na kung tawagin ay 2. _____________. Ang paniniwalang ito ay tinatawag na 3. _____________. May ilan namang naniniwala at sumasamba sa maraming diyos at diyosa, ang tawag dito ay 4. _____________. Para sa ilang lugar sa bansa, si 5. _____________ ang pinakamakapangyarihan sa lahat.

Sinasamba rin ang iba pang diyos tulad nina: 6. _____________, diyos ng bahaghari; Agawe, diyos ng tubig; 7. _____________, diyos ng bahaghari; Bagobo o Mandarang, diyos ng digmaan; 8. _____________, diyos ng kamatayan; Agni, diyos ng apoy; 9. _____________, diyosa ng pagkamaanakin *(fertility);* at marami pang iba. Ang ritwal ay pinangungunahan ng mga paring babae sa katutubong relihiyon na tinatawag na 10. _____________.

**Gawain 4: Matchy-matchy**

Panuto: Pagtambalin ang mga haligi ng Islam sa Hanay B. Isulat ang titik ng sagot sa patlang.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____1. Ang pagpapahayag ng pananampalataya na walang ibang kinikilalang diyos maliban kay Allah, at si Muhammad ang kanilang propeta. | a. Salat |
| _____2. Ito ay ang limang beses na pagdarasal sa loob ng isang araw na nakaharap sa direksiyon ng Mecca. Ito ginagawa tuwing madaling araw, umaga, tangali, takipsilim at gabi | b. Zakat |
| _____3. Ito ay ang pagbibigay-limos o pagtulong sa oras ng pangangailangan sa kapuwa tulad ng mahihirap, mga naulila, at nasalanta ng trahedya o kalamidad | c. Sawm |
| _____4. Ito ay ang *pag-aayuno (fasting)* o hindi pagkain at paggawa ng iba pang sakripisyo bilang pag-alala sa buwan ng Ramadan. | d. Hajj |
| _____5. Ito ay ang paglalakbay sa banal na lungsod ng Mecca minsan sa buhay ng isang Muslim. Ang mananampalataya na nakapaglakbay sa banal na lupain ay tinatawag na *Hajji/Hadji.* | e. Shahada |

Susi sa pagwawasto

**Gawain 4: Matchy-matchy**

1. E
2. A
3. B
4. C
5. D

**Gawain 5: Balikan Natin**


Tala sa Guro

- Para sa gawaing ito, may laya ang guro sa pagbibigay ng grado batay sa mga kasagutan ng mga mag-aaral. (Answers may vary)

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**
**Gawain 5: Balikan Natin**
Panuto: Buoin ang matrix sa ibaba. Ipakita kung ano ang pagbabago sa ating kultura sa paglipas ng mga panahon.


| Sinaunang Kultura | Noon | Ngayon |
|---|---|---|
| 1. Pananampalataya<br>(Animismo)<br><br>(Islam) | | |
| 2. Pagluluksa, Paglilibing at Paniniwala sa kabilang buhay | | |

**Gawain 6: Pagsasanay**
Panuto: Saliksikin ang mga bagay na may kinalaman sa paglilibing at pagluluksa ng mga sinaunang Pilipino

| | |
|---|---|
| <br>Manunggul Jar | <br>Hanging Coffins |

Pagsagot sa tanong:
1. Alin kaya sa mga nasa itaas ang nanatili pa sa kasalukuyan?

**Gawain 6: Pagsasanay**
Tala sa Guro
- Para sa gawaing ito, may laya ang guro sa pagbibigay ng grado batay sa mga kasagutan ng mga mag-aaral. (Answers may vary)

| | | |
|---|---|---|
| | ____________________________________________<br>____________________________________________<br>2. Ano-ano kaya ang mga salik na nakatulong sa pagpapanatili at pagpapatuloy ng mga bagay sa itaas sa kasalukuyang panahon? Ipaliwanag.<br>____________________________________________<br>____________________________________________ | |
| **D. Paglalahat** | **Ikatlong Araw**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain 7: Buoin Natin**<br>Panuto: Buoin ang balangkas ng kaisipan sa ibaba at sagutan ang mga sumusunod na katanungan.<br><br>**Pamprosesong tanong:**<br>Paano mo mapapahalagahan ang sinaunang kultura ng ating mga ninuno? | **PABAONG PAGKATUTO**<br>Susi sa Pagwawasto<br><br>- Para sa gawaing ito, nasa desisyon ng guro kung anong grado ang ibibigay. (Answers may vary) |

| | | |
|---|---|---|
| | ______________________________<br>______________________________<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain 8: Palawakin pa Natin**<br>Panuto: Sa iyong kwaderno gumawa ng learning journal, sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba bilang paglalahat sa araling ito.<br><br>**MY LEARNING JOURNAL**<br>Bakit mahalagang matutunan ang sinaunang kultura ng ating mga ninuno at ang impluwesnsiya ng relihiyong Islam sa Pilipinas?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ikaapat na Araw**<br>**Pagsusulit**<br>Gawain A: Ayusin ang mga *jumbled* na mga letra upang mabuo ang salitang tinutukoy ng bawat pahayag. | **PAGSUSULIT**<br>Susi sa pagwawasto<br>GAWAIN A.<br>1. BUL-OL<br>2. MANUNGGUL JAR<br>3. ISLAM<br>4. QUR'AN<br>5. SHAHADA<br><br>GAWAIN B<br>6. A<br>7. B |

| | |
|---|---|
| 1. ______________ | *L U B – L O*<br>*pinakatanyag na eskultura ng Hilagang Luzon, lalo na sa Cordillera, na nagpapatunay sa pananampalataya ng mga* |
| 2. ______________ | *L U G G N U N A M   R A J*<br>*Nagsilbing libingan ng  mga sinaunang Pilipino* |
| 3. ______________ | *L A S I M*<br>*isang relihiyong may paniniwala sa iisang diyos, si "Allah."* |

| | |
|---|---|
| 4. _______________ | *U R A N Q*<br>*tawag sa banal na aklat ng Islam* |
| 5. _______________ | *H A H A D A S*<br>*Walang ibang Diyos na pinaniniwalaan maliban kay Allah at si Muhammad ang sugo ni Allah.* |

Gawain B: Basahing mabuti ang bawat pahayag o katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

6. Kung ang mga pagano ay sumasamba sa kalikasan at iba pang walang buhay, sino naman ang sinasamba ng mga Muslim?
A. Allah B. Bathala C. Lalahon D. Muhammad

7. Alin sa sumusunod ang HINDI nagpapakita ng tungkulin ng isang Muslim?
A. pagtupad ng Hajj
B. pangangalaga ng kalikasan
C. pag-aayuno sa buwan ng Ramadan
D. pagdarasal nang limang beses maghapon ng nakaharap sa direksyon ng Mecca

8. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagkakawanggawa ng mga Muslim lalong-lalo na sa panahon ng Ramadan? Pagbibigay ng ____________
A. pagkain sa mga pulubi
B. bahay sa mga biktima ng bagyo
C. kalahating bahagi ng kanilang lupa
D. ikasampung bahagi ng kita sa mga ulila

9. Ano ang tawag sa mga Muslim na nakagawa ng paglalakbay sa Mecca?
A. Hajj B. Hadji C. Haji D. Hadj

10. Ang tawag sa limang beses na pagdarasal sa loob ng isang araw na nakaharap sa direksiyon ng Mecca.
A. Islam B. Zakat C. Saum D. Salat

8. A
9. A
10. D

| ***B.* Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Hannah A. Coronel*** | ***Sinuri ni: Marivic M. Pimentel, Ph.D.*** |
| ***Institusyon: Santiago A. De Guzman Elementary School –*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |

| | |
|---|---|
| ***SDO Valenzuela*** | |